BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Agosto 3, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Ang California Clean Air Day ay magbabalik sa Bay Area sa Oktubre

Ang Microgrants ay available na ngayon para sa mga kaganapan sa komunidad na tumutulong sa paglilinis ng hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na ang ikaanim na taunang California Clean Air Day ay magaganap sa Oktubre 4. Ang kaganapang ito ay isang pambuong estadong araw ng pagkilos kung saan milyon-milyong taga-California ang makikiisa sa paglilinis ng hangin.

Ang mga residente ng Bay Area, mga grupo ng komunidad, mga negosyo at mga ahensya ng lokal na pamahalaan ay iniimbitahan na lumahok sa pamamagitan ng pagpunta sa www.cleanairday.org at pangangako sa Clean Air Day, na nagpapahiwatig ng pangangako na gagawa ng mga aksyon na hahantong sa mas malinis na hangin sa kanilang mga komunidad.

"Kapag ang mga taga-California na mula sa lahat ng antas ng pamumuhay ay nagsama-sama upang mapaganda ang kalidad ng hangin na ating nilalanghap, ang ating mga komunidad at ang ating klima ang makikinabang," sabi ni Dr. Philip Fine, executive officer ng Distrito ng Hangin. “Pinagkakaisa tayo ng Clean Air Day sa paglaban para sa malinis na hangin at binibigyan tayo ng inspirasyon na gumawa ng mga makabuluhang aksyon na nagpoprotekta sa kalidad ng hangin at sa klima.”

Ang Clean Air Day, na hino-host ng Coalition for Clean Air, ay isang pagkakataon na magbibigay-daan para sa virtual at personal na pakikilahok. Ang mga gawad na hanggang $1,000 ay makukuha na ngayon sa pamamagitan ng isang microgrant na programa para suportahan ang mga grupo ng komunidad, ahensya at nonprofit na nag-oorganisa ng mga kaganapan sa komunidad ng Clean Air Day. Maaaring mag-apply hanggang Agosto 17 nang 5 p.m. sa website ng California Clean Air Day.

Ang mga indibidwal na aksyon, kapag ginawa ng marami, ay maaaring magkaroon ng malaking epekto. Noong 2022, halos 2 milyong tao at mahigit 650 organisasyon ang nangako na makikibahagi upang mapabuti ang kalidad ng hangin. Ngayong taon, ang Clean Air Day ay mas pagtutuunan ang pakikibahagi at pagsuporta sa mga kabataan sa paglilinis ng hangin sa pamamagitan ng mga programang pang-edukasyon sa mga paaralan at mga pagsisikap na pinangungunahan ng mga mag-aaral para buksan ang kamalayan sa mga isyu sa polusyon sa hangin.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*